Ano ang dapat malaman
Mga Halalang Nakabase sa Distrito

Ano ang Mga Halalang Nakabase sa Distrito? Mga pangmunisipyong halalan ito na nakabase sa mapa ng Lungsod na may mga partikular na pangheograpikong hangganan (mga distrito) na iginuhit para magbigay ng oportunidad ang magkakaibang komunidad para sa patas na representasyon sa Pamahalaan ng Lungsod. Isa itong pagbabago mula sa kasalukuyang pangkabuuang sistema kung saan pinaglilingkuran ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ang Lungsod sa kabuuan.

Bakit Nagbabago ang Pleasant Hill mula sa Pangkabuuan Patungo sa Nakabase sa Distrito? Nakatanggap ang Lungsod ng nakasulat na abiso sa paglipat sa isang sistemang nakabase sa distrito alinsunod sa Batas para sa Mga Karapatan sa Pagboto ng California (California Voting Rights Act, CVRA). Sa ilalim ng CVRA, may 135 araw ang Lungsod pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso para mag-ayos ng mapa ng distrito na nagbibigay sa mga komunidad na may iba't ibang lahi at etnisidad ng mas magandang oportunidad para sa patas na representasyon, o posible itong maharap sa paglilitis.

Anong Proseso ang Susundin ng Lungsod para Gumawa ng Mapa? Magdaraos ang Konseho ng Lungsod ng serye ng mga pampublikong pagdinig para makuha ang feedback ng komunidad sa kung paano iguguhit ang mga distrito para matugunan ang mga kinakailangan ng CVRA.

Mga Petsa ng Pampublikong Pagdinig Bago ang Pagmamapa:
Marso 20, 2023
Abril 3, 2023
Abril 17, 2023

Pagkatapos ng pangatlong pampublikong pagdinig, gagamitin ng demographer na na-hire ng Lungsod ng Pleasant Hill ang data ng senso at iba pang impormasyon para gumawa ng mga mapa. Inaasahan ng Lungsod ang pagkakaroon ng mga draft na mapa sa Abril 24 nang may mga pagdinig sa mapa na pansamantalang nakaiskedyul sa Mayo 1, 2023 (sa regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod), Mayo 6, 2023 (2:00 p.m.), at Mayo 22, 2023 (7:00 p.m.). Nakaiskedyul ang Konseho ng Lungsod na gamitin ang mga mapa ng mga bagong distrito sa Hunyo.

Paano Ako Makakasali? Iniimbitahan ang lahat ng miyembro ng komunidad na dumalo sa mga pampublikong pagdinig at magbigay ng feedback tungkol sa kung paano sa palagay nila dapat iguhit ang mga mapa, at sa mga mapa na rin mismo. Para sa mga hindi makakadalo ngunit gustong magkomento, maaaring ibigay ang mga nakasulat na komento sa Klerk ng Lungsod sa City Hall o sa pamamagitan ng email sa cityclerk@pleasanthillca.org hanggang 4:00 p.m. sa araw ng regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at hanggang 1:00 p.m. ng Mayo 5 para sa pagdinig sa Mayo 6. Gaganapin ang mga pagdinig sa City Hall, 100 Gregory Lane, at sa pamamagitan ng Zoom. Makikita sa bawat agenda ng pagpupulong ang impormasyon sa pag-log in sa Zoom sa www.pleasanthillca.org/agendas. Maaari ding mapanood ang pagpupulong sa YouTube channel ng Lungsod sa www.pleasanthillca.org/councilmeeting anumang oras sa panahon o pagkatapos ng pagpupulong.

Ano ang Gagawin kung Kailangan Mo ng Mga Serbisyo ng Pagsasaling-wika: Kung ikaw o ang isang miyembro ng pamilya/kapitbahay ay nangangailangan ng mga serbisyo ng pagsasaling-wika o, kung bilang pagsunod sa Batas para sa Amerikanong may Kapansanan (American with Disabilities Act), kailangan mo ng espesyal na tulong para sumali sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa (925) 671-5221 nang hindi bababa sa pitumpu't dalawang (72) oras bago ang pagpupulong nang sa gayon ay magawa ng mga kawani ng Lungsod ang mga kinakailangang pag-aayos.

برای مشاهده این اطلاعات به زبان فارسی به این آدرس بروید: www.pleasanthillca.org/farsi

如需用简体中文查看这些信息，请访问网站 www.pleasanthillca.org/simplifiedchinese

如需用繁體中文查看這些資訊，請查閱網站 www.pleasanthillca.org/traditionalchinese

Для просмотра этой открытки на русском языке посетите www.pleasanthillca.org/russian

Para ver esta información en español, visite www.pleasanthillca.org/spanish

Para makita ang impormasyong ito sa Tagalog, pumunta sa www.pleasanthillca.org/tagalog

Щоб переглянути цю інформацію українською мовою, перейдіть на сторінку www.pleasanthillca.org/ukrainian

Để xem thông tin này bằng tiếng Việt, hãy truy cập www.pleasanthillca.org/vietnamese